**Missionary Families of Christ**
**BATAYAN NG PAGPAPAHALAGA**

Ang ating Batayan ng Pagpapahalaga ay naglalarawan kung sino tayo at kung anong gawain sa daigdig tayo ay tinawag. Nagbibigay ito ng mga hangganan at palagiang patnubay sa ating pagsulong sa buhay at misyon.

1. **Nakasentro kay Kristo.**

   Sa lahat ng bagay sa atin at ginagawa natin, nakatitig tayo kay Jesus, na Tagapagligtas natin at Panginoon. Si Jesus ang ating huwaran sa pagkamasunurin natin sa Ama, sa ating katapatan sa Kanyang panawagan, at sa ganap na pagpapasakop sa Kanyang banal na kalooban. At dahil Siya na tumawag sa atin ay banal, tayo man ay magsisikap sa kabanalan sa buhay (1 Pt 1:15-16), at asamin na maipakita ang bunga ng Banal na Espiritu sa ating araw-araw na buhay (Gal 5:22-23).

2. **Mapangaral at misyonaryo.**

   Tinawag tayo upang ipahayag ang mabuting balita ni Jesus sa buong daigdig (Mk 16:15). Tayo ay mga saksi (Lk24:48). Bawat kasapi ng MFC ay mangangaral, sa karaniwang kapaligiran sa araw-araw ng ating buhay. Hinahangad natin ang pagsasagawa ng misyon lampas pa sa ating kapaligiran hanggang sa dulo ng daigdig.

3. **Nakatuon sa pamilya.**

   Ang ating misyon ay natatag sa matibay na mga pamilya kay Kristo. Kinikilala natin na ang kinabukasan ng sangkatauhan ay dumaraan sa pamamagitan ng pamilya. Ipinagtatanggol at pinatitibay natin ang Kristyanong kasal, pinalalaki natin ang ating mga anak upang maging susunod na salinlahi ng pamayanan ng Diyos, itinatatag natin ang ating mga tahanan bilang mga pirasong kinatatayuan ng Kaharian. Sa ating pagtatanggol sa pamilya, tinawag tayo para sa matatag na pagtangkilik at pagtatanggol ng kultura ng buhay.

4. **Bilang isang pamayanan.**

   Tayo ay bahagi ng higit pang malaking pamilya ng MFC, isang pandaigdigang pamilya ng iba't ibang nasyonalidad ngunit nakikibahagi sa pagkakapatiran kay Kristo. Ninanais nating magkakasamang sumulong sa ating buhay sa Panginoon, na nagdudulot ng pagmamahal, pagpapatotoo, pagkakaibigan, nagtataguyod at nagpapagaling. Tayo ay naninindigan para sa kagalingan ng ating mga kapatid, laging ipamumuhay ang katotohanan sa pagibig (Eph 4:15).

5. **Mamumuhay ng may pagkampi sa mga kapuspalad.**

   Kinikilala natin na ang misyon ni Jesus na maghatid ng mabuting balita sa mga dukha (Lk 4:18). Tinitingnan natin ang espiritwal at materyal na pagtataas sa pinaka-kapos sa ating mga kapatid. Sa pagsasagawa nito, tayo'y makikipagisa sa mga kapuspalad sa pamamagitan ng simpleng uri ng pamumuhay, magbabahagi ng ating mga kakayanan, at makikibaka para sa katarungang panlipunan sa sandaigdigan.

6. **Pagpapairal ng mapaglingkod na pamumuno.**

   Tayo ay may tanging karapatan na paglingkuran ang Diyos at ang Kanyang mga tao, sa loob at labas ng MFC. Naglilingkod tayo sa pamamagitan ng isipan at puso ni Jesus na nagkatawang-tao upang maglingkod at hindi upang paglingkuran (Mt 20:28). Ang mga namumuno ay dapat maglingkod ng may kababaang-loob, pagpapakasakit at pagpapasailalim sa Punong Pastol, na pagsusulitan ng ating mga ginawa (Hb 13:17). Ang gustong maging dakila ang siyang magiging alipin. (Mt 20:26-27)

7. **Bilang tagapaglingkod ng Simbahan.**

   Tayo sa MFC ay mahalagang bahagi ng banal na Simbahang Katoliko Romano. Napapasakop tayo sa ating mga obispo at ng papa. Ang ating buhay, mga pagsasanay at paglilingkod ay iaalinsunod sa Katolikong paniniwala at simulain. Ihahanda natin ang ating sarili sa paglilingkod sa mga parokya at diyoseses, lalo na sa bahagi ng pamilya at buhay. Nakatuon tayo kay Maria, ang ina ng Simbahan, bilang ating inspirasyon at saklolo.

**(Oct. 07, 2019)**